

1

“Jean, bakit ba gustong-gusto mo iyang si Nathaniel Ortega?” tanong ni Samantha sa matalik na kaibigan at kaklase.

Kasalukuyan silang kumakain sa canteen nang sunod-sunod na pumasok ang mga basketball players ng school at halos mabali na ang leeg ni Jean para lang makita ang crush nito.

Simula high school ay magkaklase na sila at hanggang sa magkolehiyo ay hindi na sila naghiwalay. Nasa ikalawang taon na sila sa universidad na pinapasukan at parehong Banking and Finance ang kinuha nilang kurso. Pangarap kasi nilang makapasok sa pinakamalaking bangko sa kanilang bayan sa oras na maka-graduate na sila.

Natatandaan pa ni Samantha noong unang araw ng klase. Nagkaroon ng orientation sa gymnasium at lahat ng freshmen students ay kailangang dumalo. Ang presidente ng university ang namuno sa programa at sinimulan nitong ipakilala ang mga leaders ng iba’t ibang organization kasama na ang mga varsity players. Proud na proud ito sa na-achieve ng school dahil sa mga athletes nito at nang ipakilala nito isa-isa ang players ng basketball team ay dumagundong ang tilian sa crowd.

Si Jean ay agad na napansin si Nathaniel; hindi ito kasing-tangkad ng ibang players, pero ito ang star player ng team. Simula

noon ay naging crush na ito ng kaibigan, ngunit hindi naman ito pinapansin ng binata kagaya ng ibang babaeng estudyante sa campus na nagkakandarapa rito.

“Napaka-KJ mo talaga, Sam! Tingnan mo nga, ang guwapo niya, di ba?” Ininguso pa nito ang lalaki.

Tumili pa si Jean bago muling umupo sa tabi niya. Sinimulan na nitong kainin ang cheesecake na binili. Si Samantha naman ay halos mauubos na ang inorder na pagkain.

“Napakayabang ‘ika mo.”

Natawa ito. “Ano ba? Bulag lang siguro ang hindi magkakagusto kay Nathaniel. Super guwapo, star player ng basketball team at higit sa lahat, mayaman!”

“Siguro nga nasa kanya na ang lahat, pero hindi mo naman alam kung gaano kasama ang ugali niyan.”

Nagtataakang tumingin ito sa kanya. “Bakit mo nasabi ‘yan, Sam? Para bang matagal mo na siyang kilala, ah.”

Natigilan siya. Kahit pa matagal na niyang kaibigan si Jean ay hindi nito alam ang masaklap na nangyari sa kanyang pamilya. “Ha? Di ba naging classmate natin siya sa isang subject?”

Nagdududa ang tingin nito. “Naku, ha! Sigurado ka diyan? Baka mamaya niyan may gusto ka rin sa kanya.”

Sinimangutan niya ito. Napakaimposibleng mangyari ng

bagay na iyon. Mamamatay muna siya.

“Alam mo bang single pa siya? Maski parang linta kung makayakap sa kanya ang Venus na ‘yon. Pinagtatawanan na siya sa buong campus dahil sa ginagawa niya dahil halos maghubad na siya sa harap ni Nathaniel pero wala pa ding effect!” patuloy nito.

“Paano kasi pinapaasa niya.”

“Speaking of the devil, nand’yan na siya,” naiinis na sabi nito.

Nakita ni Samantha si Venus na palapit sa binata. Nakasuot ito ng miniskirt at haltered top. Halos wala nang itinago ang dalaga at halos lahat ng kalalakihan ay napapasunod ang tingin dito. Nang makalapit ito kay Nathaniel ay agad itong yumakap, ngunit inalis ng lalaki ang braso ng dalagang nakapulupot dito.

Naawa siya sa babae dahil pinapaasa lang ito ng binata at madalas itong mapaaway dahil sa sobrang possessiveness nito kay Nathaniel. Anak ito ng isang konsehal sa kanilang bayan at mas matanda sa kanila nang mahigit dalawang taon. Liberated at easy ang tingin dito ng iba at marami na rin itong naging boyfriend kahit pa alam ng lahat na patay na patay ito sa star player ng basketball team.

“Nakakaawa nga siya, eh, dahil halatang ginagamit lang siya ng crush mo.”

“Ay, hindi ganoon ang Nathaniel ko, ha! Mabait siya kahit

suplado. Kitang-kita naman sa dami ng kaibigan niya sa campus, eh!” pagtatanggol pa ng kausap sa binata.

“Marami siyang kaibigan dahil marami siyang pera,” komento niya.

Noong mayaman pa sila ay napakarami niyang kaibigan sa pribadong eskuwelahan na pinapasukan, ngunit nagbago ang mga ito nang malamang wala na silang pera. Hindi na siya pinansin o kinausap ng mga ito.

“Sam, kailangan mo na talagang magka-boyfriend! Napaka-nega mo kasi, eh! Kulang ka sa love! Sagutin mo na kasi si Raffy nang may naglalambing naman sa iyo.”

Napasimangot si Samantha nang maalala ang kaklase nila. Nagpaparamdam ito sa kanya, pero hindi naman ito opisyal na nanliligaw at wala rin siyang panahon para i-entertain ito. Wala pa sa isip niya ang makipagrelasyon dahil mas gusto niyang makatapos ng pag-aaral at matulungan ang kanyang ina.

“Kaibigan ko lang iyon at higit sa lahat, hindi naman siya nanliligaw nang totoo sa akin.”

“Paano ka nga kasi liligawan? Magsasalita pa lang ‘yung tao, eh, inuunahan na niyang dakdak mo,” natatawang sabi ni Jean.

“Hindi ko siya gusto.”

Napatingin siya sa kinaroroonan ni Nathaniel at ng mga kaibigan nito. Nakita niyang nagkukuwentuhan lamang ang

mga ito at hindi naman kumakain. Dinig sa buong canteen ang tawanan ng grupo.

Totoo ang sinabi ng kaibigan niya na mayaman ang lalaki dahil ito lang ang nag-iisang anak ng mag-asawang Ortega, at maraming properties at negosyo ang mga ito. Kaya nakapagtataakang pati ang kanilang bahay at lupa ay pinag-interesan at kinuha pa ng mga ito.

Mula ulo hanggang paa ay mamahalin ang gamit ni Nathaniel, at ang sasakyang dinadala nito sa campus ay ang pinakabagong modelo. Lahat ng kaibigan nito ay mayaman din at may sinasabi sa buhay. Halata namang pa-easy-easy lang ang mga ito sa pag-aaral, palibhasa ay walang kahirap-hirap na makukuha ng mga ito ang pangarap sa buhay.

Kahit nasa ikaapat na taon na ito sa kolehiyo ay naging kaklase nila ang binata sa isang subject na halos hindi naman nito pinasukan. Nayayabangan si Samantha sa ugali nito dahil minsang kausapin ito ni Jean ay hindi nito pinansin ang kanyang kaibigan at tinanguan lang.

Hindi niya ito magugustuhan dahil alam niya kung gaano kasama ang ugali ng mga magulang nito. Nawala ang lahat sa kanilang mag-ina dahil sa kasamaan ng mga ito.

Nangutang ang kanyang ama sa pamilya nito upang maisalba ang negosyong naipamana ng kanyang lolo at lola rito. Ginawa nitong collateral ang kanilang bahay at lupa, ngunit hindi

nagtagumpay ang kanyang ama sa pagsalba niyon at tuluyan na iyong bumagsak at nalugi. Nagkapatong-patong sila sa utang at kinailangan niyang lumipat sa pampublikong paaralan noong elementarya pa lang siya dahil hindi na nila kayang bayaran ang napakamahal na tuition fee sa isang pribadong paaralan.

Nakiusap sila na bigyan pa sila ng palugit sa pagbabayad sa kanilang pagkakautang, ngunit imbis na maawa ang mga ito ay lalo pa silang ginipit. Dahilan iyon upang atakihin sa puso ang kanyang ama at bawian ito ng buhay.

Pagkaraang mailibing ito ay pinaalis sila ng mga Ortega sa kanilang bahay at hindi man lang sila binigyan ng panahong makapagluksa. Agad silang lumipat sa isang maliit na apartment at nagtayo ng maliit na karinderya ang kanyang ina gamit ang kaunting perang naitabi nito. Nakakuha ito ng murang puwesto sa palengke na maaari nitong pagtayuan ng maliit na kainan.

Hindi man siya nakabalik sa pagpasok sa pribadong paaralan ay hindi naman nahinto sa pag-aaral si Samantha. Hindi siya full scholar pero malaking kabawasan pa rin sa matrikula niya ang pagiging salutatorian niya nang maka-graduate siya sa high school. Nagtatrabaho siya nang part-time sa isang fastfood restaurant sa gabi para pandagdag sa kanyang gastos sa eskuwela.

Sampung taon na ang lumipas pero nararamdaman pa rin niya ang galit sa tuwing madadaanan niya ang kinatitirikan noon ng kanilang bahay. Ngayon ay may nakatayo na roon na isang gusali na pagmamay-ari ng mga Ortega.

Napabuntong-hininga si Samantha. Tumingin siyang muli sa kinaroroonan ng binata at nahuli niyang nakatingin ito sa kanya at kumaway pa ito. Napataas ang kilay niya nang ang mga kaibigan nito ay isa-isang naglingunan sa direksyon nila ni Jean. Pati si Venus, na napakatalim ng tingin sa kanya. Lumingon siya sa kanyang likuran at nang makitang wala namang tao ay nakumpirma niya na sa kanya nga nakatingin ang mga ito. Nang lingunin niya si Jean ay nakatingin din ito sa kanya at abot hanggang tainga ang ngiti nito.

“Bakit ngingiti-ngiti ka d’yan?” tanong niya rito. Alam niya ang ngising iyon ng kaibigan. Binibigyan nito ng malisya ang pagkaway ni Nathaniel sa kanya. Nang makita niyang wala nang laman ang plato ng kasama ay hinila niya ito. “Halika ka na nga!”

Tumayo ito at agad na kinuha ang mga libro nitong hiniram pa sa library. Hindi na siya muling lumingon sa direksyon ng binata. Pakiramdam niya kasi ay nakatingin pa rin ang mga ito sa kanila na labis niyang pinagtatakan. Balak pa yata siyang pagtripan ng mga ito.

“Nakita mo ‘yon, Sam? Nakatingin sa iyo si Nathaniel! Oh, my God!” sabi ng kaibigan nang maabutan siya nito. Halos takbuhin na niya ang hallway para lang mabilis na makalayo sa canteen.

Nginitian niya ito. “Baka naman sa ‘yo siya nakatingin, Jean? Malay mo ito na ang chance mo.”

Sandali itong nag-isip. “Ano? Nakakatawa ka naman! ‘Tsaka sa totoo lang, sa ganda mong ‘yan ay talaga namang mapapansin ka niya, eh! S’abi ko na nga ba ikaw ang type ng star player natin. Nahiya lang siguro lumapit sa ‘yo kasi ang suplada mo. Okay lang ‘yun sa ‘kin dahil kaibigan kita. Mas gusto ko na ‘yun kesa sa iba pa siya mapunta, di ba?” mahabang sabi nito. Kinikilig pa ito at panay ang hampas sa kanyang braso.

“Aray! Tama na,” saway niya rito. “Tumingin lang siya sa akin. Siguro may dumi ang mukha ko. ‘Yun lang ‘yon. Kung ano-ano’ng nasa isip mo!”

“Uy, apektado siya! Ayan nga namumula ka na,” natatawang tukso pa nito.

“Apektado ka d’yan, mas gusto ko pa ‘yung nagtitinda d’yan sa kanto kesa sa kanya, ‘noh!”

“Asus! Kunwari ka pa!”

Mabilis siya nitong inunahan sa paglalakad at hindi na siya hinayaang makapagsalita.

Oo nga’t nahuli ni Samantha na nakatingin sa kanya ang binata, ngunit iyon ang unang beses na tiningnan siya nito. Pero imbis na kiligin kagaya ng kanyang kaibigan ay inis lamang ang naramdaman niya.

Agad niyang sinundan si Jean.